# KALIGTASAN NG BATANG PASAHERO

## Impormasyon at Mga Rekomendasyon



## Mahahalagang Isyu:

1. Ang isang bata na wala pang **150 cm** ang laki ay hindi dapat umupo sa passenger seat sa harapan na may aktibong airbag.
2. Ang isang bata na wala pang **135 cm** ang laki ay dapat palaging maupo sa isang car seat na angkop sa tangkad at timbang niya. Hindi sapat ang paggamit lang ng safety belt.
3. Nakadepende sa timbang ng bata ang car seat na angkop para sa kanya.
4. Hindi dapat pumantay ang ulo ng bata sa taas ng car seat.
5. Hindi dapat nakapalupot ang safety belt at dapat kumportable itong nakalapat sa katawan ng bata. Hindi dapat ilagay ang safety belt sa likod ng bata o sa ilalim ng kanyang braso.
6. Dapat angkop ang car seat para sa bata at sa sasakyan. Inirerekomendang bumili ka ng car seat mula sa pinagkakatiwalaang tindahan at mas mainam na isama mo ang iyong anak upang matiyak na kasya siya sa car seat. Upang matiyak na angkop ang car seat para sa sasakyan at na wasto ang pagkakahigpit nito, inirerekomendang sundin ang mga tagubilin mula sa manufacturer ng car seat at manual ng sasakyan.
7. Tumatagal ang karamihan sa mga car seat nang hanggang sampung taon bagama't ang mga car seat na pansanggol ay tumatagal lang nang hanggang limang taon. Dapat makita ang petsa ng pagkakagawa ng car seat sa ilalim nito o sa website ng manufacturer. Kung nahiram o nabili nang second hand ang isang car seat, mahalagang matiyak na hindi ito napinsala sa anumang paraan.

**1 - NAKATALIKOD NA CAR SEAT**



**2 - NAKAHARAP NA CAR SEAT**



**3 - BOOSTER SEAT NA MAY MATAAS NA SANDALAN**



**4 - WALANG SANDALAN NA BOOSTER SEAT**



pagpapatuloy sa susunod na pahina

Icelandic Transport Authority
www.icetra.is

20.12.2016

2

IMPORMASYON AT MGA REKOMENDASYON TUNGKOL SA KALIGTASAN NG BATANG PASAHERO

# KALIGTASAN NG BATANG PASAHERO

## Impormasyon at Mga Rekomendasyon

## Mahahalagang Isyu:

### 1 – CAR SEAT NA PANSANGGOL PARA SA 0-2 TAONG GULANG NA BATA (0–13 kg)

Pinakaligtas ang paglagay sa sanggol sa isang nakatalikod na car seat na pansanggol. Inirerekomendang gumamit ng nakatalikod na car seat hanggang sa tumuntong nang 3 taong gulang o higit pa ang bata. Ang ilang car seat ay tumatagal mula sa kapanganakan hanggang sa tumimbang na siya ng 18 kg ngunit ang mga iyon ay inilalagay lang nang pirmi sa sasakyan at hindi maaaring gamitin sa pagkarga sa bata. Ang ilang car seat na pansanggol ay may kasamang base na inilalagay sa sasakyan gamit ang seatbelt o ISOFIX kung saan magkakasya ang car seat. Sa ganitong paraan, maaaring maialis ang car seat sa base at magamit sa pagkarga sa bata.



### 2 – CAR SEAT NA MAY INTERNAL HARNESS PARA SA 1-4 NA TAONG GULANG NA BATA (9–18 kg)

Kapag nalakihan na ng bata ang infant seat, kailangan na niya ng car seat para sa mga batang may timbang na 18 o kahit 25 kg. Inilalagay ang mga car seat na ito sa sasakyan gamit ang mga seatbelt o ISOFIX. Gagamit na ang bata ng 5 point internal harness ng car seat.



### 3 – BOOSTER SEAT NA MAY MATAAS NA SANDALAN PARA SA 4-10 TAONG GULANG NA BATA (15–36 kg)

Kapag nalakihan na ng bata ang car seat nito na may internal harness, kailangan na niyang gumamit ng booster seat na may mataas na sandalan. Itinatali ang seatbelt sa mga notch sa likod nang sa gayon ay mailagay nang tama ang seatbelt sa katawan ng bata at maiwasang dumulas ang car seat sa ilalim ng bata kung sakaling mabangga.



### 4 – WALANG SANDALAN NA BOOSTER SEAT

Inirerekomenda lang na gumamit ng walang sandalan na booster seat kapag ang bata ay nasa 135 cm na. Nilalagyan ng seatbelt ang bata na itinatali sa ilalim ng notch sa parehong gilid ng car seat.



### ISOFIX

Karamihan sa mga manufacturer ng car seat ay gumagamit ng mga car seat na may mga ISOFIX fitting. Alinsunod sa mga batas ng EU, ang lahat ng na-manufacture na sasakyan pagkatapos ng 2011 ay dapat na magkaroon ng mga ISOFIX fitting. Dahil ipinagpapalagay na kasya ang car seat sa sasakyan, ang lahat ng ISOFIX na nakalagay sa mga car seat ay kasya sa bawat ISOFIX fitting sa isang sasakyan



Icelandic Transport Authority
www.icetra.is

20.12.2016